1.2.4(a) PATAKARAN SA PAGBILI NG SERBISYO

(Talata tungkol sa Pagpapahinga)

Mga Serbisyo sa Pagpapahinga

Ang pangangalaga para sa pagpapahinga ay inilalarawan bilang isang pansamantala at pahinto-hintong pangangalaga na ibinibigay sa loob ng maiikling yugto ng panahon (1) sa sariling bahay ng consumer o (2) maaari ring isagawa ang pagpapahinga sa labas ng bahay sa isang aprubadong residensyal na pasilidad o setting para masuportahan ang mga miyembro ng pamilya sa pagpapanatili ng mga consumer sa bahay. Nilalayon nitong mapaginhawa ang mga miyembro ng pamilya sa mabigat na responsibilidad ng pag-aalaga sa consumer sa pamamagitan ng pagbibigay ng pangangalaga at patnubay para matiyak ang kaligtasan ng consumer kapag wala ang mga miyembro ng pamilya. Kapag may pahintulot ang pamilya para sa tuloy-tuloy na pagpapahinga sa bahay at gusto nila ng one-time na pahintulot para sa pagpapahinga sa labas ng bahay, maaaring baguhin ang mga oras para sa pagpapahinga sa bahay ayon dito.

Bagama't kinikilalang iniaatas ng WIC § 4690.2 na dapat ibigay ang pagpapahinga sa bahay sa "sariling bahay ng kliyente," maaaring magbigay ng mga pagbubukod ayon sa indibidwal alinsunod sa Plano ng Programa para sa Indibidwal. Dapat tiyakin ng mga pagbubukod na mapapanatili ang orihinal na intensyon ng pagpapahinga.

Ang mga serbisyo sa pagpapahinga na pinahintulutan para sa mga menor de edad na consumer ay napapailalim sa Programa sa Halagang Partisipasyon ng Pamilya (Family Cost Participation Program o FCPP) ng California. May 30 araw ang mga pamilya mula sa petsa kung kailan sila naabisuhan tungkol sa halaga ng halagang partisipasyon para humiling ng pagsusuri sa rate. Alinsunod sa pinapahintulutan ng CCR § 56265, maaaring i-adjust ng Executive Director o itinalaga ng Sentrong Panrehiyon ang antas ng halagang partisipasyon.

Ang mga oras ng pagpapahinga ay maaaring pahintulutan para sa isang indibidwal na may mga pangangailangan sa medikal na pangangalaga habang nakabinbin ang generic na pagpopondo, hal., Programa ng Waiver sa Maagang Pana-panahong Screening, Pagsusuri, at Pagsasanay (Early Periodic Screening, Diagnosis, and Training o EPSDT) o Alternatibong Nakabase sa Bahay at Komunidad (Home and Community-Based Alternative o HCBA). Isasaalang-alang lang ng sentrong panrehiyon ang mga serbisyong gaya ng Mga Pansuportang Serbisyo sa Loob ng Bahay bilang generic na resource kapag natugunan ng mga naaprubahang serbisyo ang pangangailangan sa pagpapahinga ayon sa tinukoy sa plano ng programa para sa indibidwal o plano ng serbisyo sa pamilya ayon sa indibidwal ng consumer.

Ang mga batang nasa pagitan ng 0-21 taong gulang ay maaaring makatanggap ng suporta sa pagpopondo para sa EPSDT. Ang mga nasa hustong gulang na edad 21 pataas ay maaaring makatanggap ng suporta sa pagpopondo para sa Waiver ng HCBA.

Ang isang sentrong panrehiyon ay maaari lang bumili ng mga serbisyo sa pagpapahinga kapag ang mga pangangailangan sa pangangalaga at patnubay ng isang consumer ay mas marami kumpara sa mga pangangailangan ng isang indibidwal na nasa parehong edad na walang mga kapansanan sa pag-develop.

Dapat tukuyin ng Interdisciplinary Team ang mga pagbubukod na gagawin sa lahat ng mga

pagbili ng serbisyo at dapat nakadokumento ito sa Plano ng Programa para sa Indibidwal ng kliyente. Kung magkakaroon ng anumang hindi pagkakasundo tungkol sa mga serbisyo na hindi malulutas ng pangkat sa pagpaplano, magbibigay ng nakasulat na abiso tungkol sa mga karapatan sa pagdinig. (*WIC* §§ 4646(i) at 4710.5(a)).